Kagawaran ng Edukasyon

Araling Panlipunan 8

Kontribusyon ng Kabihasnang Romano
Ikalawang Markahan – Ikalawang Linggo

Ryan R. Francisco
Manunulat
Ma. Martha R. Ullero
Tagasuri
Aileen C. Penaranda
Layout
Maria Elena C. Araja
Mariel Eugene L. Luna
Katibayan ng Kalidad

Schools Division Office – Muntinlupa City
Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City
(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940

INAASAHAN

Makasaysayang Araw! Sa araling ito ikaw bilang manlalakbay ng Kasaysayan ay inaasahang **naipaliliwanag ang kontribusyon ng kabihasnang Romano** sa daigdig. Inaasahan ding ang aral na mapupulot mo rito ay magiging gabay mo upang masagot ang katanungang: **Ano nga ba ang kahalagahan ng mga natatanging kontribusyon na ito sa Modernong Panahon?** Halika at simulan ang aralin.

UNANG PAGSUBOK

PANUTO: Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

1. Ito ay kasuotang pambahay ng mga kalalakihang Romano na hanggang tuhod ang haba.
   A. Palla C. Toga
   B. Stola D. Tunic
2. Isang istruktura na nagdadala ng tubig sa malalayong lugar ng Roma.
   A. Appain Way C. Basilica
   B. Aqueduct D. Coliseum
3. Siya ang nagsalin ng Odessy sa wikang Latin.
   A. Cicero C. Marcus alutus
   B. Livius D. Terrence
4. Hinango batay sa prinsipyo ng katwiran at hustisya at dapat na mangalaga sa mga mamamayan at sa kanilang ari-arian.
   A. Batas B. Karapatan
   B. Kapangyarihan C. Pamahalaan
5. Sila ang mga unang manunulat ng comedy sa Roma.
   A. Cidero at Livius C. Marcus Palutus at Terrence
   B. Herodotus at Thycudides D. Popey at Julius Caesar
6. Kasuotan ng mga Romano tuwing sila ay lumalabas ng bahay.
   A. Palla C. Toga
   B. Stola B. Tunic
7. Ito ay sinusunod ng mga tao ano pa man ang kanilang nasyonalidad.
   A. Batas C. Karapatan
   B. Kapangyarihan D. Katanyagan
8. Ito ay kasuotang pambahay ng mga kababaihang Romano.
   A. Palla C. Toga
   B. Stola D. Tunic
9. Ang estrukturang ito ay itinayo upang maging pulungang pang asembliya.
   A. Appain Way C. Basilica
   B. Aqueduct D. Coliseum
10. Ang kauna-unahang daanan na nag-ugnay sa Roma at Timog Silangang Italya
    A. Appain Way C. Basilica
    B. Aqueduct D. Coliseum

11. Ang pamahalaang itinatag ng mga Romano matapos nilang mapaalis ang mga Etruscan.
    A. Komunista
    B. Monarkiya
    C. Republika
    D. Teokrasya
12. Ang tawag sa tahimik at masaganang siglo ng Imperyong Roma.
    A. Hellinic Age
    B. Hellinistic Age
    C. Pax Romana
    D. Pax Romano
13. Ayon sa kanya, ang batas ay hindi dapat maimpluwensiyahan ng kapangyarihan o sirain ng pera kailanman.
    A. Cicero
    B. Livius
    C. Marcus Alutus
    D. Terrence
14. Ito ay isang *amphitheater* para sa mga labanan ng mga gladiator.
    A. Appain Way
    B. Aqueduct
    C. Basilica
    D. Coliseum
15. Ang katangi-tangi sa pamahalaang itinatag ng mga Romano.
    A. Walang batas
    B. Walang buwis
    C. Walang hari
    D. Walang senado

BALIK-TANAW

PANUTO: Buuin ang Crossword Puzzle



Pahalang
2. Bahagi ng Lungsod-Estado ng Greece na nagsisilbing Pamilihang Bayan
4. Panahon kung saan binuo ang mga Lungsod-Estado ng Greece

Pababa
1.Tawag sa hukbo ng Greece na binubuo ng 16 na hanay

3. Ito ay binubuo ng lipunang malaya, nagsasarili at nakasentro sa lungsod

4. Sila ang mga bihag ng digmaan ng lungsod estado ng Sparta na ginawang tagapagsaka ng mga malalawak na lupain

PAGPAPAKILALA NG ARALIN

A. PANUTO: Suriin ang mga larawan sa ibaba at sagutin ang mga tanong ukol dito.

TANONG	LARAWAN NG KASAGUTAN	ANG IYONG SAGOT
1. Anong uri ng pamahalaan mayroon ang Pilipinas?		
2. Ano ang kadalasang isinusuot ng mga mag-aaral na nagsipagtapos ng kolehiyo?		
3. Ano ang kailangan mong gamitin upang malaman mo ang petsa ngayon?		



Alam mo ba kung saang lugar nagmula ang mga pamanang ito?

B. PANUTO: Suriin ang mapa ng Kabihasanang Romano. Magagamit itong gabay sa mga susunod na talakayan.

Larawan 1.1. Mapa ng Italy
https://tinyurl.com/y2ljvnd3

1. Ano ang kaugnayan ng heograpiya sa pag-usbong ng Roma bilang isang matatag na lungsod?
2. Paano nakakaimpluwensiya ang lokasyon ng Roma sa pagkakaroon ng mga kontribusyon sa kasaysayan ng daigdig?

C. PANUTO: Basahin ang mga natatanging kontribusyon ng Kabihasnang Roma at ipaliwanag ang kahalagahan nito sa modernong panahon.

LARANGAN	MGA NAGAWA
Pamamahala at Batas  Larawan 1.2. Twelve Tables: https://tinyurl.com/y6pscf6k	Sang-ayon sa tradisyon, pinaalis ng mga Roman ang punong Etruscan at nagtayo ng **Republika,** isang pamahalaang walang hari. Ang mga Roman ay kinikilala bilang pinakadakilang mambabatas ng sinaunang panahon. Ang kahalagahan ng **Twelve Tables** ay ang katotohanan na wala itong tinatanging uri ng lipunan. Ito ay batas para sa lahat, patrician o plebeian man. Ito ang ginamit upang alamin ang mga krimen at tantiyahin ang kaukulang parusa. Nakasaad dito ang mga karapatan ng mga mamamayan at ang pamamaraan ayon sa batas.
Panitikan Larawan 1.3. Cicero: https://tinyurl.com/y6qm7om5	Ang panitikan ng Rome ay nagsimula noong kalagitnaan ng ikatlong siglo B.C.E. Subalit ang mga ito ay salin lamang ng mga tula at dula ng Greece tulad ni Livius Andronicus na nagsalin ng Odyssey sa Latin. Si Marcus Palutus at Terence ay ang mga unang manunulat ng comedy. Si Cicero naman ay isang manunulat at orador na nagpahalaga sa batas.
Pananamit Larawan 1.4. Toga:https://tinyurl.com/y4k4pqej	Dalawa ang kasuotan ng mga lalaking Roman. Ang *tunic* ay kasuotang pambahay na hanggang tuhod. Ang *toga* ay isinusuot sa ibabaw ng *tunic* kung sila ay lumalabas ng bahay. Ang mga babaeng Roman ay dalawa rin ang kasuotan. Ang *stola* ay kasuotang pambahay at Palla ay sinusuot sa ibabaw ng *stola.*

Arkitektura Larawan 1.5. Coliseum: https://tinyurl.com/y5v55jno	Ang mga Roman ang tumuklas ng semento, marunong na rin silang gumamit ng *stucco,* isang plaster na pampahid at pantakip sa labas ng pader. Umaangkat sila ng marmol mula sa Greece. Ang *arch* na natutuhan ng mga Roman mula sa mga Etruscan ay ginagamit sa mga temple, *aqueduct*, at iba pang mga gusali. Ang gusali na ipinakilala ng mga Roman ay ang *basilica*, isang bulwagan na nagsisilbing korte at lugar ng assembly. Mayroon ding silang pampublikong paliguan at pamilihan na nagsisilbing tagpuan para sa mga negosyo at pag-uusap. Ito ang *forum* na sentro ng lungsod. May iba pang gusali na pinatayo na hanggang ngayon ay makikita pa rin sa Rome. Halimbawa ay ang *coliseum* na isang *amphitheater* para sa mga labanan ng mga gladiator.
Inhenyeriya  Larawan 1.6. Appian Way: https://tinyurl.com/y59sddtf	Ipinakita ng mga Roman ang kanilang galing sa inhenyeriya. Nagtayo sila ng mga daan at tulay upang pag-ugnayin ang buong imperyo kabilang ang malalayong lugar. Marami sa mga daan na ginawa nila noon ay ginagamit magpahanggang sa ngayon. Isang halimbawa ang *Appian Way* na nag-uugnay sa Rome at Timog Italy. Gumawa rin sila ng mga *aqueduct* upang dalhin ang tubig sa lungsod.

GAWAIN

Gawain 1: Legacy of Rome

PANUTO: Tukuyin ang kahalagan ng ambag ng mga Romano sa modernong panahon.

Mga naging Ambag	Kahalagahan sa Modernong Panahon

Gawain 2: 3-2-1 Chart

PANUTO: Isulat sa mga kahon sa ibaba ang tatlong aral na natutunan, dalawang katangiang na hinangaan at isang idolong nais tularan sa Kabihasnang Klasikong Romano.

3	**Mahalagang aral na natutunan** 1. 2. 3.
2	**Katangiang hinangaan** 1. 2.
1	**Idolong nais tularan** 1.

TANDAAN

1. Umusbong ang dakilang lungsod ng Roma sa Ilog Tiber sa kalagitnaan ng Ikawalong siglo BCE.
2. Ang Republikang Roman ay pamahalaang walang hari.
3. Sa mga Romano din nagmula ang Sistema ng kalendaryong ginagamit natin sa kasalukuyan.
4. Nasubok ang kapangyarihan ng Rome at Carthage sa tatlong Digmaang Punic.
5. May sariling katangian ang kabihasnang Rome. Pangunahin na rito ang kaalaman nila sa arkitektura, inhenyeriya, sistema ng pamamahala at batas.
6. Ang *twelve tables* ay mahalagang batas ng katotohanan na wala itong tinatangi sa lipunan. Ito ay batas para sa lahat, patrician man o plebian.
7. Ang Pax Romana o Kapayapaang Rome ang tawag sa tahimik at masaganang siglo ng imperyong Romano.
8. Maraming mga Emperador pagkatapos ni Augustus tulad nina Nerva, Hadrian Trajan at Marcus Aurelius ang may magandang kontribusyon dahil mahuhusay ang kanilang pamamalakad sa imperyo.
9. Si Marcus Aurelius ay isang iskolar at manunulat. Itinaguyod niya ang pilosopiyang stoic. Binibigyang-diin ng pilosopiyang ito ang paghahanap ng kaligayahan sa pamamagitan ng pamumuhay ayon sa banal na kalooban (divine will).
10. Si Cicero ay isang manunulat at orador na nagpahalaga sa batas. Ayon sa kanya, ang batas ay hindi dapat maimpluwensiyahan ng kapangyarihan o sirain ng pera kailanman.
11. Binuo nina Julius Caesar, Pompey, at Marcus Licinius Crassus ang First Triumvirate- isang union ng tatlong makapangyarihang tao na nangasiwa ng pamahalaan. Hinawakan nila ang kapangyarihang politika.
12. Ipinakita ng mga Roman ang kanilang galing sa inhenyeriya. Isang halimbawa ang *Appian Way* na nag-uugnay sa Rome at Timog Italy. Gumawa rin sila ng mga *aqueduct* upang dalhin ang tubig sa lungsod.

PAG-ALAM SA NATUTUHAN

PANUTO: Sumulat ng maikling sanaysay gamit ang mga gabay na tanong sa ibaba.

1. Ano-ano ang iyong natutuhan sa mga paksang tinalakay?
2. Paano mo ito maisasabuhay?



PANG-WAKAS NA PAGSUSULIT

A. PANUTO: Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.

1. Sang-ayon sa tradisyon, pinaalis ng mga Roman ang punong Etruscan at nagtayo ng _____- isang pamahalaang walang hari
   A. Komunista C. Republika
   B. Monarkiya D. Teokrasya
2. Ang mga Roman ay kinikilala bilang pinakadakilang _____ ng sinaunang panahon.
   A. Mambabatas C. Mangangalakal
   B. Mandirigma D. Manlalakbay
3. Ang kahalagahan ng _____ ay ang katotohanan na wala itong tinatangi sa lipunan.
   A. Kalendaryo C. Senado
   B. Republika D. Twelve Tables
4. Ang panitikan ng Rome ay nagsimula noong kalagitnaan ng _____ B.C.E.
   A. Unang Siglo C. Ikatlong Siglo
   B. Ikalawang Siglo D. Ika-apat na Siglo
5. Nasubok ang kapangyarihan ng Rome at Carthage sa tatlong Digmaang _____
   A. Pandaigdig C. Punic
   B. Persian D. Sibil

6. Binibigyang-diin ng pilosopiyang ito ang paghahanap ng kaligayahan sa pamamagitan ng pamumuhay ayon sa banal na kalooban (*divine will*).
   A. Legalism
   B. Moderation
   C. Shinto
   D. Stoic
7. Unang Triumvirate: Julius Caesar, Pompey, Crassus:
   Ikalawang Triumvirate: _____
   A. Augustus Octavius, Lepidus, Brutus
   B. Augustus Octavius, Mark Anthony, Lepidus
   C. Augustus Octavius, Crassus, Mark Anthony
   D. Augustus Octavius, Mark Anthony, Constantine
8. Patrician: Mayayaman at may pwesto sa gobyerno:
   _____: Mangangalakal at magsasaka
   A. Alipin
   B. Helot
   C. Plebeian
   D. Peasants
9. Greece: Dagat Aegean: Rome: _____
   A. Ilog Amo
   B. Ilog Ganges
   C. Ilog Tiber
   D. Ilog Vollumo
10. Sino sa mga sumusunod ang **HINDI** kabilang sa limang mabubuting emperador ng Rome?
   A. Hadrian
   B. Nerva
   C. Nero
   D. Trajan

B. PANUTO: Tukuyin kung saang larangan nabibilang ang mga sumusunod na kontribusyon ng Kabihasnang Romano. Piliin ang letra ng tamang sagot sa ibaba

A. Pamamahala at Batas
B. Pananamit
C. Panitikan
D. Arkitektura at Inhenriya

_____11. Si Marcus Palutus at Terence ay ang mga unang manunulat ng comedy.
_____12. Ang *toga* ay isinusuot sa ibabaw ng *tunic* kung ang mga kalalakihang Romano ay lumalabas ng bahay.
_____13. Ito ay sinusunod ng lahat ng tao ano man ang nasyonalidad.
_____14. Ang *stola* ay kasuotang pambahay ng mga kababaihang Romano.
_____15. Naitayo din ang mga gusaling pampubliko, templo, palasyo, arena, at mga pulungang pang-asembliya na tinatawag na *basilica*.

Sanggunian

Aklat:

Rosemarie C. Blando, Micheal M. Mercado, Marl Alvin M. Cruz, Angelo C. Espiritu, Edna L. De Jesus, Asher H. Pasco, Rowel S. Padernal, Yorina C. Manalo, at Kalenna Lorene S. Asis. Araling Panlipunan 8, Kasaysayan ng Daigdig*Modyul Ng Mag-aaral (Department of Education-Bureau of Learning Resources: Groun floor, Bonifacio Bldg., DepEd Coplex Meralco Avenue, Pasig City Phlippines,2016), Pahina 158-179

Mga Larawan:

Larawan 1.1. Mapa ng Italy https://tinyurl.com/y2ljvnd3
Larawan 1.2. Twelve Tables: https://tinyurl.com/y6pscf6k
Larawan 1.3. Cicero: https://tinyurl.com/y6qm7om5
Larawan 1.4. Toga: Larawan 1.4. Toga: https://tinyurl.com/y4k4pqej
Larawan 1.5. Collesium: https://tinyurl.com/y5v55jno
Larwan 1.6. Appian Way: https://tinyurl.com/y59sddtf

Susi sa Pagwawasto
Pagpapakilala ng Aralin: 1. Republika, 2. Toga, 3. Kalendaryo,
Unang Pagsubok: 1. D 2. B 3. B 4. B 5. C 6. C 7. B 8. B 9. C 10. A 11. C 12. C 13. A 14. D 15. C
Pang wakas na Pagsusulit: 1. C 2. A 3. D 4. C 5. C 6. D 7. B 8. C 9. C 10. C 11. C 12. B 13. A 14. B 15. D